

APPLICATION

- Kung ikaw ay isang Kristiyano, ayon sa mga talatang ito ng Bibliya, ano ang pananaw sa iyo ng Diyos? Ano ang pananaw mo sa iyong sarili? Simula ngayong linggo, paano mo magagawang makita ang iyong sarili kung paano ka nakikita ng Diyos?
- Paano mo magagawang lumago sa iyong pagka-unawa sa kung sino ang Diyos at kung ano ang Kanyang ginawa para sa iyo? Paano mo pa Siya magagawang mas makilala at mahalín sa bawat araw na lumilipas?
- Maari mo bang ipaliwanag kung ano ang ginawa ng Diyos sa iyong buhay at kung paano ka Niya iniligtas sa iyong mga kasalanan? Magsanay na gawin ito at alamin kung kanino mo ito maaaring ibahagi ngayong linggo.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus, ang walang kapintasang tao, upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan at bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Ipanalangin na ikaw ay laging magiging mapagpasalamat sa tinapos ni Jesus sa krus para sa iyo.
- Hingin sa Diyos na lagi kang maging matatag at malakas ang loob dahil sa kung sino ang Diyos at kung paano Siya kumikilos sa iyong buhay. Ipanalangin na lalo ka pang maging katulad Niya sa bawat paglipas ng mga araw.
- Ipanalangin ang mga taong makakasalamuha mo ngayong linggo, at hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon at ng lakas ng loob upang ibahagi ang ebanghelyo sa kanila at sabihin sa kanila kung paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang kabutihan sa iyong buhay.



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

PAST/PERFECT

FILIPINO WEEK 4

Ganap na Tao

NOTES

WARM-UP

- Mahilig ka bang mag-paskil sa “internet” ng iyong mga larawan? Bakit mo ito gusto o hindi gustong gawin?
- Ano ang isang katangian na gusto mo sanang magkaroon ang lahat ng tao? Bakit mo ito gustong mangyari?
- Ibahagi sa iyong mga kasama sa grupo ang isa sa iyong mga katangiang pisikal na gusto mo sanang mabago? Bakit ka naiilang sa katangiang ito?

WORD

Dahil sa kasalanan ng isang tao, naghari ang kamatayan, pero dahil sa ginawa ng isa pang tao na si Jesu-Kristo ang mga taong tumanggap ng masaganang biyaya at kaloob ng Diyos ay itinuring niyang matuwid, at maghahari sila sa buhay na walang hanggan.

MGA TAGA-ROMA 5:17

Si Adan ang unang tao sa sangkatauhan na ginawa mula sa lupa. Samantala, sa 1 Corinto 15:45, tinawag ni Apostol Paul si Jesus bilang huling Adan, isang *espiritung nagbibigay-buhay*. Siya ay may katawang tao, subalit Siya ay nagmula sa langit at hindi ginawa mula sa lupa. Lahat tayo ay ipinanganak na katulad ni Adan na mula sa lupa. Dahil sa kasalanan na dinala sa mundo ng unang Adan, lahat tayo ay may hangganan na dala ng karamdaman, kahinaan, at kamatayan. Subalit, ipinangako sa Bibliya na ang mga mananampalataya kay Kristo ay mabubuhay na muli at magtataglay ng katawan na hindi nabubulok, gaya ng kay Jesu-Kristo. Sa araling ito, ating aalamin kung sino tayo kay Kristo at kung ano ang ginawa Niya para sa atin.

1 Kay Kristo, tayo ay napawalang-sala.

Kaya dahil sa kasalanan ng isang tao, ang lahat ay nahatulang maparusahan. Ganoon din naman, dahil sa matuwid na ginawa ng isang tao, ang lahat ay maituturing na matuwid at mabibigyan ng bagong buhay. **MGA TAGA-ROMA 5:18**

Isang kasalanan lamang ni Adan ang nagbigay ng kaparusahan at kahihiyan sa lahat ng tao. Sa parehong paraan, ang pamumuhay ng matuwid ni Jesus ay magbibigay sa sinumang maniniwala sa Kanya ng pagkakataon na maihayag na walang kapintasan ng Diyos. Ano ang *matuwid na ginawa ng isang tao* na nagdulot ng pagpapawalang-sala sa atin?

2 Kay Kristo, tayo ay naging matuwid.

Kung sa pagsuway ng isang tao, marami ang naging makasalanan, ganoon din naman, dahil sa pagsunod ng isang tao marami ang itinuring na matuwid ng Diyos. **MGA TAGA-ROMA 5:19**

Lahat tayo ay makasalanan at ipinanganak na may likas na kasalanan. Dahil sa pagsuway ni Adan, ang sangkatauhan ay nahatulan na makasalanan ng Diyos. Ang magandang balita ay maaaring ihayag na matuwid ang sinuman dahil sa pagsunod ni Jesus sa kagustuhan ng Diyos. Batay sa Mga Taga-Filipos 3:9, paano tayo magkakaroon ng buhay na matuwid sa paningin ng Diyos?

3 Kay Kristo, tayo ay may buhay na walang hanggan.

Kaya kung paanong naghari ang kasalanan at nagdulot ng kamatayan, ganoon din naman, naghahari ang biyaya ng Diyos at nagdulot ng buhay na walang hanggan . . . **MGA TAGA-ROMA 5:21**

Kung tayo ay hahayaan lamang sa ating mga sarili, tayo ay matutulad kay Adan na nagkasala sa Diyos at walang kakayahang iligtas ang sarili. Subalit ang kaligtasang nagmumula kay Kristo ay napagtagumpayan na ang lahat ng kasalanan at makapagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan. Ano ang karapat-dapat nating matanggap dahil sa ating mga kasalanan? Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang nag-uumapaw na pagpapala sa atin?
